ARALIN 33

1. Ano ang ipinangako ng Diyos kay Moises nang kausapin Niya si Moises mula sa nagniningas na punong hindi natutupok?
-Nangako ang Diyos na ibabalik Niya si Moises sa Bundok Sinai.

2. Tinupad ba ng Diyos ang Kanyang pangako na ibabalik si Moises sa Bundok Sinai?
-Oo.

3. Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises sa tuktok ng bundok?
-Nais ng Diyos na magkaroon ng kasunduan sa mga Israelita.

4. Ano ang kasunduan na gustong gawin ng Diyos sa mga Israelita?
-Sinabi ng Diyos na kung susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, pagpapalain Niya sila.

5. Kung hindi sinunod ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, ano ang gagawin ng Diyos?
-Parurusahan sila ng Diyos.

6. Ano ang sinabi ng mga Israelita sa Diyos?
-Sinabi ng mga Israelita sa Diyos na susundin nila ang lahat ng Kanyang mga utos.

7. Naisip ba ng mga Israelita na kaya nilang sundin ang lahat ng utos ng Diyos?
-Oo.

8. Bakit inisip ng mga Israelita na kaya nilang sundin ang lahat ng utos ng Diyos?



-Dahil sila ay mapagmataas at palalo.

9. Nasunod ba ng mga Israelita ang lahat ng utos ng Diyos?
-Hindi.

10. Bakit hindi nagawang sundin ng mga Israelita ang lahat ng utos ng Diyos?
-Dahil ipinanganak silang mga anak nina Adan at Eba.
-Dahil ipinanganak silang mga alipin ng kasalanan.
-Dahil ipinanganak silang mga alipin ni Satanas.

11. Alam ba ng Diyos na hindi magagawang sundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos?
-Oo.

12. Kung alam ng Diyos na hindi kayang sundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, bakit gusto ng Diyos na makipagkasundo sa mga Israelita?
-Nais ng Diyos na makipagkasundo sa mga Israelita dahil gusto Niyang turuan ang mga Israelita.

13. Ano ang gustong ituro ng Diyos sa mga Israelita?
-Nais ng Diyos na ituro sa mga Israelita na hindi nila kailanman magagawang sundin ang lahat ng Kanyang mga utos.
-Nais ng Diyos na ituro sa mga Israelita na hindi nila kailanman magagawang sundin ang lahat ng Kanyang mga utos dahil ipinanganak sila sa kasalanan.
-Nais ng Diyos na ituro sa mga Israelita na dahil hindi nila kailanman nagawang sundin ang lahat ng Kanyang mga utos, ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanila mula sa kamatayan.

14. Bakit mamamatay ang mga Israelita kung hinawakan nila ang Bundok Sinai?
-Dahil ang Diyos ay bumababa sa bundok.
-Dahil ang Diyos ay banal.
-Dahil kinamumuhian ng Diyos ang lahat ng kasalanan.
-Dahil pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

15. Ano ang mga simbolo ng kulog, kidlat, usok, at apoy?
-Na ang Diyos ay banal.

-Na kinasusuklaman ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

-Pagkatapos makipag-usap sa Diyos, si Moises ay bumalik sa paanan ng bundok.

-Patuloy na niyanig ng kulog ang kalangitan malapit sa bundok.

-Patuloy na pinupuno ng kidlat ang hangin sa paligid ng bundok.

-Ang makapal na usok ay patuloy na bumalot sa bundok.
-Ang buong bundok ay patuloy na yumayanig ng malakas.

-Ang mga Israelita ay lumayo sa bundok, sapagkat sila ay lubhang natakot.

-Pagkatapos, nagsalita ang Diyos sa mga Israelita mula sa bundok.



-Mula sa tuktok ng Bundok Sinai, ano ang ibinigay ng Diyos sa mga Israelita?

-Sampung Utos.

Basahin natin ang Exodo 20:1-2

1-Binigkas ng Diyos ang lahat ng salitang ito, na sinasabi,
2-"Ako ang Panginoon mong Diyos na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay ng pagkaalipin."

-Narito ang unang utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:3

3-"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko."

-Sa unang utos, nag-uutos ang Diyos na Siya lamang ang ating Diyos.

-Bakit ang Diyos lamang ang ating Diyos?

-Dahil iisa lamang ang Diyos.

-Dahil walang ibang Diyos.

-Kapag nananalangin tayo sa mga espiritu, kung gayon inilalagay natin ang mga espiritu na mas higit sa Diyos, at nilalabag natin ang utos na ito.

-Kapag nagtitiwala tayo sa isang anting-anting, kung gayon ay inilalagay natin ang anting-anting na mas higit sa Diyos, at nilalabag ang utos na ito.

-Kapag tinatahak natin ang ating sariling kaparaanan sa halip na pumunta sa kaparaanan ng Diyos, kung gayon ay inilalagay natin ang ating sarili na mas higit sa Diyos, at nilalabag ang utos na ito.

-Kapag hindi natin pinahintulutan ang Diyos na maging ating Diyos sa bawat araw ng ating buhay, kung gayon ay nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Walang -Kamatayang Apoy.

-Narito ang pangalawang utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:4-5

4-"Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan o ng anumang kawangis ng anumang nasa langit sa itaas, o ng nasa lupa sa ibaba, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa.
5-Huwag mo silang yuyukuran, o paglingkuran man sila; sapagkat akong Panginoon mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin, na aking pinarurusahan ang mga anak dahil sa kasamaan ng mga magulang hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng mga napopoot sa akin."



-Sa ikalawang utos, ang Diyos ay nag-uutos sa atin na huwag gumawa ng anumang larawang kahoy o bato, o sambahin ang mga ito.

-Bakit hindi tayo dapat gumawa ng isang imahe upang magmukhang Diyos?

-Dahil ang Diyos ay espiritu.
-Dahil ang Diyos ay hindi mukhang tao, o hayop, o ibon.

-Kapag sinasamba natin ang nilikha ng Diyos sa halip na Diyos, kung gayon inilalagay natin ang nilikha ng Diyos na mas higit sa Diyos, at nilalabag natin ang utos na ito.

-Kapag hindi natin sinasamba ang Diyos araw-araw, ngunit sinusunod natin ang ating sariling kaisipan o ang iniisip ng iba, kung gayon ay nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Walang-Kamtayang Apoy.

-Narito ang ikatlong utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:7

7-"Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan, sapagkat hindi pawawalang-sala ng Panginoon ang sinumang gumagamit ng kanyang pangalan sa walang kabuluhan."

-Sa ikatlong utos, ang Diyos ay nag-uutos sa atin na huwag sabihin ang Pangalan ng Diyos nang walang paggalang.

-Bakit natin dapat igalang ang Pangalan ng Diyos?

-Dahil ang Pangalan ng Diyos at ang Diyos ay pareho.
-Dahil ang Pangalan ng Diyos at ang Diyos ay iisa.

-Kapag hindi natin binanggit ang Pangalan ng Diyos nang may paggalang, kung gayon hindi natin iginagalang ang Diyos, at nilalabag natin ang utos na ito.

-Kapag binibigkas natin ang Pangalan ng Diyos nang walang pag-iingat, kung gayon ay pinagsasawalang-bahala natin ang Diyos, at nilalabag natin ang utos na ito.

-Masama para sa isang bata na hindi gumagalang sa kanyang nakatatanda.

-Napakasama para sa isang tao na hindi gumalang sa Diyos.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Narito ang ikaapat na utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:8-11

8-"Alalahanin mo ang araw ng Sabbath, upang ingatan itong banal.



9-Anim na araw kang gagawa at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain;
10-Ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath sa Panginoon mong Diyos. Sa araw na ito ay huwag kang gagawa ng anumang gawain, ikaw o ang iyong anak na lalaki, ang iyong anak na babae, ang iyong aliping lalaki, ang iyong aliping babae, ang iyong mga baka, ang dayuhang nasa loob ng iyong mga pintuan;
11-Sapagkat sa loob ng anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng naroroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; Kaya't binasbasan ng Panginoon ang araw ng Sabbath, at ginawa itong banal."

-Sa ikaapat na utos, inuutusan tayo ng Diyos na ipagdiwang ang ikapitong araw bilang isang espesyal na araw ng kapahingahan.

-Bakit dapat tayong magpahinga isang beses sa isang linggo?

-Dahil nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa sa anim na araw, at pagkatapos ay nagpahinga sa ikapitong araw.

-Inutusan tayo ng Diyos na magpahinga sa ikapitong araw upang maisip natin ang lahat ng nilikha ng Diyos para sa atin.

-Kapag hindi tayo nagpahinga at nag-iisip tungkol sa Diyos, kung gayon ay nilalabag natin ang utos na ito.

-Kapag hindi tayo nagpahinga at iniisip ang lahat ng ginawa ng Diyos para sa atin, kung gayon ay nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Narito ang ikalimang utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:12

12-"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, upang ang iyong mga araw ay humaba sa lupaing ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos."

-Sa ikalimang utos, inuutusan tayo ng Diyos na igalang ang ating mga ama at ina.

-Bakit natin dapat igalang ang ating mga ama at ina?

-Dahil ibinigay sa atin ng Diyos ang ating mga ama at ina upang tayo ay palakihin.

-Kapag hindi natin ganap na sinunod ang ating mga ama, kung gayon ay nilalabag natin ang utos na ito.

-Kapag hindi natin lubusang sinunod ang ating mga ina, kung gayon ay nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Narito ang ikaanim na utos na ibinigay ng Diyos:



Basahin natin ang Exodo 20:13

13-"Huwag kang papatay."

-Sa ikaanim na utos, inuutusan tayo ng Diyos na huwag pumatay ng ibang tao.

-Bakit hindi tayo dapat pumatay ng ibang tao?

-Sapagkat ang Diyos ang nagbibigay buhay sa mga tao, at ang Diyos lamang ang dapat kumuha ng buhay.

-Ayon sa Diyos, kung napopoot tayo sa ibang tao, ano ang nagawa natin?

-Sinabi ng Diyos na kung napopoot tayo sa ibang tao, pinapatay natin ang taong iyon.

-Kapag napopoot tayo sa ibang tao, nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Narito ang ikapitong utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:14

14-"Huwag kang mangangalunya."

-Sa ikapitong utos, ang Diyos ay nag-uutos sa atin na huwag sumiping sa ibang tao maliban sa iyong asawa.

-Bakit hindi tayo dapat sumiping sa ibang tao maliban sa ating asawa?

-Dahil ibinigay ng Diyos ang isang babae sa isang lalaki, at isang lalaki sa isang babae.

-Ayon sa Diyos, kung titingnan natin ang ibang tao at gusto nating sumiping sa kanila, ano ang nagawa natin?

-Sinabi ng Diyos na kung titingnan natin ang ibang tao at gusto nating sumiping sa kanila, kung gayon tayo ay nangalunya sa kanila.

-Kapag tayo ay tumingin sa ibang tao, at nais na sumiping sa kanila, kung gayon tayo ay lumalabag sa utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Narito ang ikawalong utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:15

15-"Huwag kang magnanakaw."

-Sa ikawalong utos, inuutusan tayo ng Diyos na huwag magnakaw.



-Bakit hindi tayo dapat magnakaw ng mga ari-arian ng ibang tao?

-Dahil binigyan sila ng Diyos ng karapatang magkaroon ng mga ari-arian.

-Ayon sa Diyos, kung iisipin nating magnakaw ng pag-aari ng ibang tao, ano ang nagawa natin?

-Sinabi ng Diyos na kung iisipin nating magnakaw ng mga pag-aari ng ibang tao, kung gayon ay ninakaw natin ang mga ito.

-Kapag tinitingnan natin ang mga pag-aari ng ibang tao at nais na kunin ang mga ito, kung gayon ay nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Narito ang ikasiyam na utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:16

16- "Huwag kang magiging sinungaling na saksi laban sa iyong kapwa."

-Sa ikasiyam na utos, inuutusan tayo ng Diyos na huwag magsinungaling.

-Bakit hindi tayo dapat magsinungaling?

-Dahil ang kasinungalingan ay hindi galing sa Diyos.

-Dahil ang kasinungalingan ay mula sa kasalanan at kay Satanas.

-Ayon sa Diyos, kung alam natin ang katotohanan subalit hindi natin ito sasabihin, ano ang ating ginagawa?

-Sinasabi ng Diyos na kapag alam natin ang katotohanan subalit nabigong sabihin ito, kung gayon tayo ay nagsisinungaling.

-Sinabi ng Diyos na kapag alam natin ang katotohanan ngunit hindi natin sinabi ang lahat ng ito, kung gayon tayo ay nagsisinungaling, at nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Narito ang ikasampung utos na ibinigay ng Diyos:

Basahin natin ang Exodo 20:17

17-"Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapwa; Huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapwa, o ang kanyang aliping lalaki o ang kanyang aliping babae, o ang kanyang baka, o ang kanyang asno, o ang anumang bagay ng iyong kapwa."

-Sa ikasampung utos, inuutusan tayo ng Diyos na huwag pagnasaan ang mayroon ang ibang tao.

-Bakit hindi natin dapat gustuhin kung ano ang mayroon ang ibang tao?



-Dahil ang Diyos mismo ang nagbigay nito sa ibang tao.

-Kapag pinagnasaan natin kung ano ang mayroon ang ibang tao, nilalabag natin ang utos na ito.

-Sinabi ng Diyos na nilabag ng lahat ng tao ang utos na ito.

-Ang parusa sa paglabag sa utos na ito ay kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Ito ang sampung utos na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita.

-Ang mga utos na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita ay ang mga utos na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng tao.

-Walang sinuman ang maaaring sumunod sa lahat ng mga utos ng Diyos nang lubusan.

-Lahat tayo ay lumabag sa mga utos ng Diyos.

-Kung susundin natin ang lahat ng utos ng Diyos maliban sa isa, ano ang sinasabi ng Diyos?

-Sinabi ng Diyos na para bang sinuway natin ang lahat ng Kanyang mga utos.

-Ano ang parusa sa paglabag sa sampung utos ng Diyos?
-Kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Ano ang parusa sa paglabag sa isa lamang sa mga utos ng Diyos?
-Kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Ilang beses sinuway ni Satanas ang Diyos bago pinalabas ng Diyos si Satanas mula sa langit at inihanda ang Lawa ng Apoy para sa kanya?

-Isang beses lamang.

-Si Satanas ay nagkasala lamang ng isang beses, ngunit pinarusahan siya ng Diyos ng kamatayan.

-Ilang beses ang mga anghel na sumunod kay Satanas ay sumuway sa Diyos bago sila pinalabas ng Diyos mula sa langit at inihanda ang Lawa ng Apoy para sa kanila?

-Isang beses lamang.

-Ang mga anghel na sumunod kay Satanas ay nagkasala lamang ng isang beses, ngunit pinarusahan sila ng Diyos ng kamatayan.

-Ilang beses sinuway nina Adan at Eba ang Diyos bago sila pinalabas ng Diyos sa Hardin ng Eden?
-Isang beses lamang.

-Isang beses lamang nagkasala sina Adan at Eba, ngunit pinarusahan sila ng Diyos ng kamatayan.

-Napakabanal ng Diyos na kahit isang kasalanan lamang ay dapat parusahan ng kamatayan.

-Ang mga utos ng Diyos ay parang salamin.

-Paanong ang mga utos ng Diyos ay parang salamin?



-Ang mga utos ng Diyos ay tumutulong sa atin na makita ang ating kasalanan.

-Ang mga utos ng Diyos ay nagpapakita sa atin ng ating kasalanan.

-Bakit ibinigay sa atin ng Diyos ang Kanyang mga utos?
-Upang ipakita sa atin ang ating marumi, at makasalanang puso.

-Tulad ng isang tao na hindi nakikita ang kanyang maruming mukha hangga't hindi siya tumitingin sa salamin, kaya hindi natin nakikita ang ating karumihan, at makasalanang puso hangga't hindi natin tinitingnan ang mga utos ng Diyos.

-Ibinigay ng Diyos ang Kanyang mga utos upang ipakita sa mga Israelita ang kanilang marumi, at makasalanang puso.

-Ibinigay ng Diyos ang Kanyang mga utos upang ipakita sa lahat ng tao ang kanilang marumi, at makasalanang puso.

-Dahil marumi at makasalanan ang ating puso, wala tayong magagawa para lumapit sa Diyos.

-Dahil marumi at makasalanan ang ating puso, wala tayong magagawa para maging katanggap-tanggap tayo sa Diyos.

-Hindi natin kailanman malilinis ang ating marumi, makasalanang puso.

-Sino lamang ang makapaglilinis ng ating marumi at makasalanang puso?

-Tanging ang Diyos.